Tumataas ang mga Kaso ng COVID-19 sa Lungsod ng New York

Ang delta variant ay malawakang kumakalat sa NYC. Ito ay mahigit dalawang beses na nakakahawa sa orihinal na virus at maaaring magdulot ng mas malubhang sakit.



Nagaganap ang mga variant kapag patuloy na kumakalat ang isang virus. Mga kasalukuyang bakuna sa COVID-19 ay epektibo laban sa delta variant pero maaaring hindi kasing epektibo laban sa mga hinaharap na variant. Ang pagpapabakuna ngayon ay tutulong na bawasan ang pagkalat ng COVID-19 at ang pagdating ng mga bagong variant.

Kung hindi ka nabakunahan, dapat kang palaging magsuot ng mask sa mukha sa paligid ng iba kapag nasa labas ng bahay; panatilihin ang pisikal na distansiya sa iba; magpa-test nang regular; at manatili sa bahay kung may sakit ka. Humanap ng lugar sa pagbabakuna sa **nyc.gov/vaccinefinder** at magpabakuna ngayon!



Kung ikaw ay ganap na nabakunahan, magsuot ng mask sa lahat ng mga pampublikong espasyo sa loob ng gusali at saan man na hindi mo alam ang katayuan sa pagbabakuna ng mga tao sa paligid mo. Gayundin, sundin ang mga kahilingan sa mask ng anumang lugar na pupuntahan mo, kasama ang habang ginagamit ang pampublikong transportasyon; magpa-test kung may sintomas ka o ay kamakailan nalantad sa isang tao na may COVID-19; at manatili sa bahay kung may sakit ka.

Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang **nyc.gov/covidvaccine**.

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon. 8.23.21

Tagalog

NYC Health